**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO

**Mga Bumuo sa Pagsusulat ng USLeM**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Vivian U. Bantigue |
| **Tagaguhit:** | Karlos Keihan U. Bantigue |
| **Tagasuri ng Nilalaman: at Wika:** | Leni D..Andres |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcom S. Garma, Regional Director - NCR<br>Mrs. Ma. Evalou Concepcion A. Agustin, SDS SDO-Pasig City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo Filipino EPS-NCR<br>Ma. Teresita H. Herrera, Filipino SDO EPS Pasig<br>Dr. Manuel A. Laguerta, CID Chief SDO-Pasig City<br>Wilma Q. Del Rosario, LR EPS SDO-Pasig City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

# Paggamit ng Iba't Ibang Pangungusap Ayon sa Gamit

## Mga Inaasahan

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan kang:

A. nagagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsali sa isang usapan, (chat) F5WG-IVf-j-13.6

B. nagagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagkilatis ng isang produkto. F5WG-IVd-13.3

## Unang Pagsubok

**Panuto: Gumamit ng angkop na pangungusap upang mabuo ang usapan. Piliin ang tamang letra sa loob ng kahon .**

Alam mo ba ang *Food Guide Pyramid*? Alamin natin sa usapan ng mag-inang Aling Gloria at Victoria. Nagwawalis ng bakuran si Aling Gloria habang nagbabasa ng aralin si Victoria.

**Victoria** : Inay, maganda pala ang *Food Guide Pyramid* na sinusunod natin.

**Aling Gloria**: Oo anak, mainam na may ganyan tayong sinusunod para alam natin ang ating kinakain sa araw-araw .

1. Pautos: ________________________

**Victoria** : 2. Patanong: ________________________

**Aling Gloria**: 3. Padamdam:_____________________

Kaya kapag pumupunta ako sa palengke ay sinusuri kong mabuti kung sariwa at de-kalidad ang aking nabibili.

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

**Victoria** : Kaya pala inay ang sasarap ng ating kinakain at masusustansiya pa. Ang galing!

4. Pakiusap:___________________________

**Aling Gloria:** Salamat, anak. 5. Pasalaysay: ________________

A.Syempre naman!

B.Puwede po bang akin na lang itong saging .

C.Alam n'yo po ito,inay?

D.Ugaliin mong kumain ng prutas at gulay.

E. Sa pamilya natin ang lahat ng aking ginagawa upang maging malakas at iwas na rin sa sakit.

## Balik-Tanaw

**PANUTO: Isulat sa patlang kung pantelebisyon o pampelikula ang mga sumusunod na dokumentaryo.**

______1. I Witness: Pag-asa sa Pagbasa ni Kara David.

______2. Rated K: ni Korina Sanchez Roxas.

______3. Manoro (The Teacher) Indie Films o Independent Films .

______4. Imbestigador ni Mike Enriquez.

_____ 5. Muro Ami ay isang pelikula na obra ni Marilou Diaz-Abaya.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**Panuto: Basahin mo ang sumusunod na usapan (chat) at pansinin ang iba't ibang uri ng pangungusap ayon sa gamit.**

Nagpapahinga sa sala si Coleen nang biglang tumunog ang kanyang *cellphone*. Nakita niya na may mensahe siya sa *messenger* mula sa kaibigan niyang si Kathryn. Ito ang kanyang nabasa. "Coleen, maaari ba tayong mag-*chat* mamaya kung wala kang ginagawa?" Kaagad na sumagot si Coleen na puwede siya sa oras na iyon. Ito ang kanilang usapan:

**Kathryn**: Tinatanong kasi ako bes, ni tita kung anong *cellphone* ang gusto ko, regalo niya sa kaarawan ko.

**Coleen**: Wow! Ang bait talaga ng tita mo. Anong *brand* ang sasabihin mo?

**Kathryn**: Hindi ko pa nga alam. Puwede mo ba akong tulungang magdesisyon?

**Coleen**: May *brand* na magandang pang-*selfie* o maganda ang larawan. Kung gagamitin mo sa pag-aaral mabuting tingnan mo ang *specifications* ng bawat *cellphone*. Maganda kung malaki ang storage para marami kang mai-save.

**Kathryn**: Galing mo talaga, bes! Binigyan mo ako ng *idea*. Kaya, ikaw agad ang naisipan kong i-chat, alam kong matutulungan mo ako. Salamat, bes. The best ka talaga! Bye!

**Collen**: Walang problema. Basta ikaw!

**Sagutan natin ang mga sumusunod na tanong**.

1. Sino-sino ang nag-uusap? ___________________________________
2. Tungkol saan ang kanilang pinag-uusapan? _______________________
3. Ano ang ibinigay na ideya ni Coleen kay Kathryn sa pagpili ng *cellphone?*
   ___________________________________________________________
4. Sa palagay mo, natulungan ni Coleen si Kathryn sa pagpili ng *cellphone*? Bakit? _____________________________________________________

5.Ano-anong uri ng mga pangungusap ang ginamit ninyo sa pagkilatis sa produkto

(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)

## Tandaan

Ginagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap ayon sa layon ng paggamit nito tulad ng pakikipag-chat o pagpili ng produkto. Dahil dito nagpapalitan ng opinyon at nakapaglalahad ng mga saloobin ang mga nag-uusap.

## Gawain 1

**Panuto: Basahin ang usapan ng magkaibigang Lea at Melissa.**

**Niyaya ni Lea ang kaibigang si Melissa sa *mall* upang bumili ng backpack**.

Lea: Saan mo ba gagamitin ang *backpack* na gusto mong bilhin?

Melissa: Uuwi kami sa probinsiya sa susunod na araw. Mas madaling dalhin ang *backpack*. Maaari mo ba akong tulungan na mamili. Palagay mo maganda ba ito? Sabay abot sa hawak niyang bag.

Lea: Wow! mura ito ha. Nakita mo ba ang strap nito? Ito ay gawa lamang sa manipis na tela. Kung lalagyan mo ng maraming damit ang bag na ito, sa palagay mo ba hindi ito kaagad mapuputol?

Melissa: Ikaw na lamang ang pumili para sa akin.

Lea: Tumigil ka! Mas maganda na ikaw ang mag desisyon.

Melissa: Ito ang gusto ko ngunit maliit at hindi ito angkop na pambiyahe. Kaunti lang ang mailalagay kong damit dito, di ba?

Lea: korek! Sobrang mahal din ng presyo para sa ganitong kaliit na bag.

Melissa: Pakiabot mo nga ang asul na bag na nasa harapan mo. Tingnan mo ito maluwag at matibay ang pagkakatahi. Ang strap ay gawa rin mula sa makapal na denim.

Lea: Ang zipper ay maganda at mukhang matibay.

Melissa: Kaya naman ng badyet ko ang presyo. Palagay mo ba puwede ko na itong bilhin?

Lea: Oo, puwede na.

**Panuto: Batay sa usapan ng magkaibigan. Sumulat ng dalawang pangungusap sa kahon gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap.**

| | |
|---|---|
| Pasalaysay o Paturol | 1.<br>2. |
| Patanong | 1.<br>2. |
| Padamdam | 1.<br>2. |
| Pautos | 1.<br>2. |
| Pakiusap | 1.<br>2. |


## Gawain 2

**Panuto: Sa tulong ng mga larawan,sumulat ng angkop na pangungusap tungkol sa pagkilatis ng produkto.Gamitin ang tamang bantas.**




1.Pautos

________________________________



2.Patanong

________________________________




3. Pasalaysay

____________________________



4.Pakiusap

____________________________



5.Padamdam

__________________________________

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na pahayag. Isulat sa patlang ang tamang sagot.**

1.Nagsasaad ng paghingi ng pabor. Ginagamitan ng magagalang na salita upang makiusap. Anong uri ng pangungusap ito? __________________

2.Ito ay nagkukuwento o nagsasalaysay at nagtatapos sa bantas na tuldok. Anong uri ng pangungusap ito? ______________________________________

3.Nagsasaad ito ng matinding damdamin tulad tuwa,takot o pagkagulat. Anong uri ng pangungusap ito? _____________________________________________

4.Ito ay nagpapahayag ng obligasyong dapat gawin at nagtatapos ito sa tuldok. Anong uri ng pangungusap ito? _________________________________

(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)

5.Ito ay nagsisiyasat o naghahanap ng sagot at nagtatapos sa tandang pananong. Anong uri ng pangungusap ito? ___________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto: Basahin ang usapan (chat) ng magkapitbahay na Aling Lily at Aling Julie tungkol sa gamot .**

**Aling Lily:** Kumareng Julie,narinig mo na ba 'yung *generic* na gamot? Bumili ako ng isa para sa aking asawa.Mas mura kaysa sa mga *branded* na gamot sa botika.

**Aling Julie:** Naku Kumare! *Branded* ang binibili kong gamot. Sinisigurado kong pinakamahusay na gamot ang ibinibigay ko sa aking pamilya.

**Aling Lily:** Ang mga generic na gamot ay dumaan sa siyentipikong pagsusuri upang masigurado ang kalidad ng gamot.

**Aling Julie**: Talaga? Hindi ko alam 'yan.

**Aling Lily**: Kailangan natin ang magtipid sa panahon ngayon. Patuloy na tumataas ang presyo ng bilihin.

**Aling Julie**: Naiintindihan ko na ngayon! Ang matitipid kong pera sa generic na gamot ay magagamit ko pa sa iba pang mahahalagang bagay. Pwede mo pa ba akong bigyan ng tip sa mga bagay na makakatipid ako?

**Aling Lily**: Oo, naman Mare! Chat mo lang ako kung may mga tanong ka pa.

**Batay sa usapan ng magkapitbahay. Sumulat ng pangungusap sa patlang gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap.**

Patanong 1. ______________________________________________

Pakiusap 2. ______________________________________________

Pasalaysay 3. ____________________________________________

Padamdam 4. _____________________________________________

Pautos 5. ________________________________________________

## Susi sa Pagwawasto

D 1.

C 2.

A 3.

B 4.

E 5.

Balik-tanaw

Pantelibisyon 1.

Pantelibisyon2.

Pampelikula3.

Pantelibisyon4.

Pampelikula5.

GAWAIN 1
**A.**Pasalaysay
1.Uuwi kami sa probinsya sa sususnod na araw.
2.Ang zipper ay maganda at mukhang matibay.
**B**.Patanong
1.Saan mob a gagamitin ang backpack na gusto mong bilhin?
2.Nakita mo ba ng strap nito?
**C**.Padamdam
1.Wow! mura ito ha.
2.Korek! sobrang mahal din ng presyo para sa ganitong kaliit na bag.
**D**.Pautos
1.Ikaw na lang ang pumili para sa akin.
2.Tingnan mo ito maluwag at matibay ang pagkakatahi.
**E**.Pakiusap
1.Paki-abot mo nga ang asul na bag na nasa harapan mo.
2.Maaari mo ba kong tulungan na mamili.
MALAYANG SAGOT
Gawain 2-3

**Pang-alam sa Natutuhan**

Pakiusap 1.

Pasalaysay 2.

Padamdam 3.

Pautos 4.

Patanong 5.

**Pangwakas na Pagsusulit**

Malayang sagot

## Sanggunian

https://www.freepik.com/premium-vector/cute-little-boy-squeezing-toothpaste-toothbrush_6486742.htm

https://www.freepik.com/free-vector/running-shoes-cartoon-illustration-flat-cartoon-style_13283880.htm#page=1&query=cartoon%20shoes&position=0

https://www.freepik.com/premium-vector/family-is-wearing-masks-protecting-themselves-from-coronavirus_9973642.htm

https://www.freepik.com/premium-vector/little-boy-running-with-puppy_2908074.htm

https://www.freepik.com/premium-vector/junk-food-illustration_10930593.htm